# Matutong Tukuyin ang Doktrina at mga Alituntunin

Ang ilang doktrina at mga alituntunin ng ebanghelyo ay malinaw na nakasaad sa mga banal na kasulatan. Ang iba pang doktrina at mga alituntunin ay maaaring nakapahiwatig sa kuwento at matatagpuan lamang sa pamamagitan ng pag-aaral ng buong aklat ng banal na kasulatan, isang kabanata, o isang talata. Maaari mong praktisin ang sumusunod na mahahalagang hakbang sa tuwing nag-aaral ka ng mga banal na kasulatan para matulungan kang matukoy ang mga katotohanan ng ebanghelyo:

1. Magbasa nang dahan-dahan at mabuti.
2. Maghanap ng mga katotohanan na malinaw na ipinahayag. Kung minsan ay nakasaad ang mga ito kapag gumagamit ang may-akda ng mga salitang tulad ng "sa gayon makikita natin," "kaya nga," "kaya't," o "masdan."
3. Maghanap ng mga katotohanang ipinahiwatig. Mahahanap mo ang mga katotohanang ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong sarili ng tulad ng mga sumusunod:
    a. Mayroon bang anumang mahahalagang ideya, salita, o parirala—lalo na ang anumang tumutulong sa iyo na mas makilala ang Ama sa Langit at ang Kanyang plano o si Jesucristo at ang Kanyang ebanghelyo?
    b. Ano ang mga sanhi at epekto sa kuwentong ito?
    c. Ano ang mensahe o aral ng kuwento?
    d. Sa iyong palagay, bakit isinama ng may-akda ang mga pangyayari o talatang ito?
4. Isulat sa sarili mong mga salita ang nahanap mo at markahan ang mga salita sa mga banal na kasulatan na nagtuturo nito.
5. Pagnilayan kung bakit mahalaga sa iyo ang katotohanan. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Pagnilayan [at] suriin ang bawat salita, bawat mamahaling bato sa mga banal na kasulatan. . . . Itapat ito sa liwanag at ipihit, at tingnan kung ano ang maaaninag at mababanaag dito. . . . Ang gayong pagsusuri ay maaaring makatuklas ng kayamanan na nakatago sa bukid: isang mahalagang perlas; isang perlas na walang katumbas ang halaga. ("Students Need Teachers to Guide Them" [mensahe sa Church Educational System religious educators, Hunyo 20, 1992], 4)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_532-1